# Mga Second Draw na Paycheck Protection Program (PPP) Loan: Paano Kalkulahin Ang Revenue Reduction At Maximum Na Halaga Ng Loan Kabilang Ang Mga Dokumentong Ibibigay

Ipinagkakaloob ng Small Business Administration (SBA), sa pakikipagkonsultahan sa Department of the Treasury, ang na-update na gabay na ito para matulungan ang mga negosyo sa pagkalkula ng kani-kanilang mga gastos sa payroll (at ang mga kaugnay na dokumntong kailangan para suportahan ang bawat set ng mga kalkulasyon) para sa mga layunin ng pagtutukoy ng maximum na halaga ng pautang sa Second Draw ng PPP na Pautang.

Makakaasa ang mga humihiram at nagpapahiram sa paggabay na ibinigay sa dokumentong ito bilang interpretasyon ng SBA sa CARES Act, sa Economic Aid Act, at sa Interim Final Rules ng Paycheck Protection Program. Hindi sasalungatin ng gobyerno ng Estados Unidos ang mga kilos ng nagpapahiram na PPP na naaayon sa patnubay na ito[1] at sa Interim Final Rules ng PPP at anumang kasunod na pagpapasya sa bisa sa oras.

## Pagbaba ng Kinita

1. **Tanong:** Ano ang mga "gross receipt" para sa layunin ng pagtukoy sa pagiging karapat-dapat para sa isang Second Draw ng PPP na Pautang?

   **Sagot:** Para sa isang **for-profit na negosyo**, ang mga gross receipt ay lahat ng kinita na natanggap o naipon (alinsunod sa pamamaraan ng accounting ng entidad hal., accrual o cash) mula sa anumang mapagkukunan, kasama ang mula sa mga benta ng mga produkto o serbisyo, interes, dibidendo, renta, royalty, bayarin, o komisyon, na binawasan ng mga pagbalik at mga allowance pero hindi kasama ang mga net capital gains at loss. Taglay ng mga tuntunin na ito ang mga paglalarawan na ginamit at iniulat sa mga IRS tax return form.

   Hindi kasama sa mga gross receipt ang mga sumusunod:
   - mga buwis na kinolekta para sa at ini-remit sa isang awtoridad sa buwis kung kasama sa gross o total income, gaya ng mga benta o iba pang buwis na kinolekta mula sa mga customer (hindi kabilang dito ang mga buwis na naka-levy sa mga alalahanin o sa mga empleyado nito);
   - nalikom mula sa mga transaksyon sa pagitan ng isang alalahanin at ang mga domestic o banyagang kasosyo nito; at
   - mga halagang nakolekta para sa iba pa ng isang ahente sa paglalakbay, ahente ng real estate, ahente ng advertising, tagapagbigay ng serbisyo sa pamamahala ng conference, freight forwarder o customs broker.

   Lahat ng iba pang item, gaya ng mga ginastos ng subcontractor, mga pagbabalik-bayad para sa mga binili ng isang kontratista na hiniling ng customer, kinita sa pamumuhunan, at mga gastos na batay sa empleyado tulad ng mga buwis sa payroll, ay hindi maaaring maibukod mula sa mga gross receipt.

   **Para sa isang nonprofit 501(c)(3) na organisasyon, isang 501(c)(19) veterans organization, isang kwalipikadong nonprofit na news organization, isang kwalipikadong 501(c)(6) na organisasyon, o isang kwalipikadong destination**

[1] Hindi taglay ng dokumentong ito ang lakas at epekto ng batas na malaya sa batas at regulasyon kung saan ito batay.

**marketing organization** ang mga gross receipt ay nangangahulugan na mga gross receipt na saklaw ng pagkakahulugan ng section 6033 ng Internal Revenue Code of 1986, na siyang gross na halagang natanggap ng organisasyon sa taunang accounting period nito mula sa lahat ng pinagmulan nang walang pagbawas para sa anumang gastos o ginastos kabilang ang, halimbawa, gastos sa mga kalakal o asset na nabenta, gastos sa operasyon, o gastos ng kinita, paglikom, o pagkolekta ng mga naturang halaga. Kaya kabilang sa mga "gross receipt" ang, pero hindi limitado sa:

(i) gross na halagang natanggap bilang mga kontribusyon, regalo, kaloob, at mga halintulad na halaga nang walang binawas para sa mga gastos sa paglikom at pagkolekta ng mga naturang halaga,

(ii) gross na halagang natanggap bilang mga bayarin o pagtatasa mula sa mga miyembro o kasosyong organisasyon nang walang binawas para sa mga gastos na maiuugnay sa pagtanggap ng mga naturang halaga,

(iii) gross sales o receipt mula sa mga aktibidad ng negosyo (kabilang ang mga aktibidad ng negosyo na walang kaugnayan sa layunin kung saan kwalipikado ang organisasyon para sa di-pagkakabilang, ang net na kinita o nawala mula sa kung saan kakailanganin na iulat sa Form 990-T),

(iv) gross na halagang natanggap mula sa pagbenta ng mga asset nang walang binawas para sa gastusin o iba pang batayan at ginastos sa pagbebenta, at

(v) gross na halagang natanggap bilang kinita sa pamumuhunan, gaya ng interes, dibidendo, renta, at royalty.

Ang mga gross receipt ng mga kasosyo ng humihiram (maliban kung nalalapat ang waiver ng pagiging kasosyo[2]) ay kinakalkula sa pamamagitan ng pagdagdag ng mga gross receipt ng alalahanin ng negosyo sa mga gross receipt ng bawat kasosyo.[3]

Para sa karagdagang impormasyon sa kung ano ang bumubuo sa mga gross receipt ayon sa uri ng entidad, tingnan ang FAQ 5 sa ibaba.

2. **Tanong:** Para sa lahat ng uri ng entidad (hal., mga for-profit na negosyo at mga nonprofit na organisasyon), kasama ba sa mga "gross receipt" ang mga nakuhang PPP Loan na pinatawad na (o mga EIDL advance)?

   **Sagot:** Hindi. Ang halaga ng anumang pinatawad na First Draw ng PPP na Pautang o anumang EIDL advance, na hindi sasailalim sa pederal na income tax, ay hindi kabilang sa pagkalkula ng mga "gross receipt".

---

[2] *Tingnan* ang subsection (d) ng interim final rule na pinamagatang "Business Loan Program Temporary Changes; Paycheck Protection Program Second Draw Loans" na naka-post sa website ng SBA Enero 6, 2021 (86 FR 3712).

[3] Kung nakakuha ang humihiram ng isang kasosyo o binili bilang isang kasosyo noong 2020, kabilang sa mga gross receipt ang mga resibo ng nabili o binibiling alalahanin. Nalalapat ang pagtitipon na ito para sa buong haba ng panahon ng pagsusukat, hindi lang ang panahon pagkalipas na lumitaw ang sosyohan. Gayunpaman, kung nakabili ang alalahanin ng maihihiwalay na dibisyon ng isa pang negosyo noong 2020, hindi kabilang sa mga gross receipt ang mga resibo ng nabiling dibisyon bago ang pagbili. Gayundin, hindi kabilang ang mga gross receipt ng dating kasosyo. Ang di-pagkakabilang ng gross receipt na ito ng dating kasosyo ay nalalapat sa loob ng buong panahon ng pagsusukat, sa halip ng para lang sa panahon pagkaraang nahinto ang sosyohan. Subalit, kung ibinenta ng isang humihiram ang naihihiwalay na dibisyon noong 2020, patuloy na isasama sa mga gross receipt ang mga resibo ng dibisyon na nabenta. Lahat ng tuntunin sa parapo na ito ay may kahulugan na iniugnay sa mga ito ng IRS.

3. **Tanong:** Anu-anong mga sangguniang panahon ang magagamit para matukoy kung maipapakita ng Aplikante ang 25 porsiyento man lang na pagbaba ng mga resibo upang magkwalipika para sa isang Second Draw ng PPP na Pautang?

   **Sagot:** Nakabatay ang angkop na sangguniang panahon sa kung gaano katagal nang nagnenegosyo ang Aplikante:

   - Para sa lahat ng mga entidad bukod sa mga nakasasapat sa mga kondisyon na nakalagay sa ibaba, dapat ipakita ng Aplikante na ang mga kabuuang mga gross receipt sa anumang quarter ng 2020 ay 25 porsiyento man lang na mas mababa kaysa sa parehong quarter ng 2019. Bilang alternatibo, maaaring ipaghambing ng mga Aplikante ang mga taunang gross receipt ng 2020 sa taunang gross receipt noong 2019 kung nagnenegosyo na sila noong 2019.

   - Para sa mga entidad na wala sa negosyo sa una at pangalawang quarter ng 2019 ngunit may pagpapatakbo sa pangatlo at ikaapat na quarter ng 2019, dapat ipakita ng mga Aplikante na ang mga gross receipt sa anumang quarter ng 2020 ay 25 porsiyento man lang na mas mababa kaysa sa alinman sa pangatlo o ikaapat na bahagi ng 2019.

   - Para sa mga entidad na wala sa negosyo sa una, pangalawa, at pangatlong quarter ng 2019 ngunit may pagpapatakbo sa ikaapat na quarter ng 2019, dapat ipakita ng mga Aplikante na ang mga gross receipt sa anumang quarter ng 2020 ay 25 porsiyento man lang na mas mababa kaysa sa ikaapat na quarter ng 2019.

   - Para sa mga entidad na wala sa negosyo sa panahon ng 2019 ngunit sa pagpapatakbo noong Pebrero 15, 2020, dapat ipakita ng mga Aplikante na ang mga gross receipt sa ikalawa, ikatlo, o ikaapat na quarter ng 2020 ay 25 porsiyento man lang na mas mababa kaysa sa unang quarter ng 2020.

4. **Tanong:** Anu-anong mga dokumento ang kailangan kong ibigay para mapagtibay na duanas ang entidad ko ng 25 porsiyento man lang na pagbaba ng mga gross receipt?

   **Sagot:** Ang mga sumusunod ay ang pangunahing set ng mga dokumento na maibibigay ng mga Aplikante para mapagtibay ang kanilang pagpapatunay sa 25 porsiyento na pagbaba ng mga gross receipt (isang set lang ang kailangan):

   - Mga quarterly financial statement para sa entidad. Kung hindi na-awdit ang mga financial statement, dapat na lagdaan at petsahan ng Aplikante ang unang pahina ng financial statement at mag-isyal sa lahat ng iba pang pahina, na nagpapatotoo sa katumpakan ng mga ito. Kung hindi partikular na tinutukoy ng mga financial statement ang (mga) line item na bumubuo sa mga gross receipt, dapat na lagyan ng komento ng Aplikante kung aling (mga) line item ang bumubuo sa mga gross receipt.

   - Mga quarterly o buwanang bank statement para sa entidad na nagpapakita ng mga deposito mula sa mga kaugnay na quarter. Dapat lagyan ng komento ng Aplikante, kung hindi ito malinaw, kung alin-aling mga deposito na nakalista sa bank statement ang bumubuo sa mga gross receipt (hal., mga pagbayad para sa pagbili ng mga kalakal at serbisyo) at alin-alin ang hindi (hal., mga pagdagdag sa kapital).

- Taunang IRS income tax filing ng entidad (kailangan kung ginagamit ang taunang sangguniang panahon). Kung hindi pa nagfi-file ang entidad ng tax return para sa 2020, dapat na punan ng Aplikante ang mga return form, kalkulahin ang halaga ng mga kaugnay na gross receipt (tingnan ang Tanong 5), at lagdaan at petsahan ang return, at nagpapatotoo na ang mga halagang papasok sa kalkulasyon ng mga gross receipt ay ang parehong mga halaga na ifa-file sa tax return ng entidad.

5. **Tanong:** Kung gagamitin ko ang taunang income tax returns ng entidad ko para magpakita ng pagbaba ng mga gross receipt nang 25 porsiyento man lang, anu-anong mga halaga ang gagamitin ko para kalkulahin ang mga gross receipt?

   **Sagot:** Ang mga halagang kinakailangan para kalkulahin ang mga gross receipt ay paiba-iba ayon sa uri ng tax return ng entidad:[4]
   - Para sa mga self-employed na indibidwal bukod pa sa mga farmer at rancher (IRS Form 1040 Schedule C): suma ng line 4 at line 7[5]
   - Para sa mga self-employed na farmer at rancher (IRS Form 1040 Schedule F): suma ng line 1b at 9
   - Para sa mga partnership (IRS Form 1065): suma ng line 2 at 8, ibawas ang line 6[6]
   - Para sa mga S-Corporation (IRS Form 1120-S): suma ng line 2 at 6, ibawas ang line 4[7]
   - Para sa mga C-Corporation (IRS Form 1120): suma ng line 2 at 11, ibawas ang suma ng line 8 at 9
   - Para sa mga nonprofit organization (IRS Form 990): ang suma ng line 6b(i), 6b(ii), 7b(i), 7b(ii), 8b, 9b, 10b, at 12 (column (A)) ng Bahagi VIII
   - Para sa mga nonprofit organization (IRS Form 990-EZ): suma ng mga line 5b, 6c, 7b, at 9 ng Bahagi I.
   - Dapat sundin ng mga LLC ang mga tagubilin na nalalapat sa status ng kanilang pag-file ng tax sa mga sangguniang panahon.

6. **Tanong:** Nag-aapply ako para sa halaga ng Second Draw ng PPP na Pautang na mas malaki sa $150,000. Kailan ko kailangan ibigay ang mga dokumento para mapagtibay ang pagbaba ng mga gross receipt?

   **Sagot:** Para sa halaga ng Second Draw ng PPP na Pautang na mas malaki kaysa sa $150,000, dapat magbigay ang aplikante ng dokumento na nagpapatibay sa pagbaba ng mga gross receipt sa Application Form (SBA Form 2483-SD o katumbas na form ng

---

[4] Hindi dapat isama sa kalkulasyon ang alinman sa mga isinama sa mga partikular na linya ng tax form at lagyan ng komento sa return: mga buwis na nakolekta para sa at ini-remit sa isang taxing authority kung isinama sa gross o total income (gaya ng mga benta o iaba pang buwis na nakolekta mula sa mga customer at hindi kasama ang mga buwis na na-levy sa alalahanin o sa mga empleyado nito); mga kinita mula sa mga transaksiyon sa pagitan ng alalahanin at ng mga lokal at banyaga nitong mga kasosyo; mga halagang nakolekta para sa iba pa ng isang ahente sa paglalakbay, ahente ng real estate, ahente ng advertising, tagapagbigay ng serbisyo sa pamamahala ng conference, freight forwarder o customs broker. Partikular na, para sa mga tax return na may kasamang sales tax bilang kinita at pagkatapos ay naging inawas, lagyan ng komento sa tabi ng linyang "taxes and license" ng halaga ng return ng naturang buwis na isinama sa kinita.

[5] Kung magfi-file ka ng maraming Schedule C form sa parehong Form 1040, dapat mong isama at isuma ang lahat ng ito.

[6] Kung hindi zero, dapat mo rin isama ang Form 1065 Schedule K mga line 3a, 5, 6a, 7, at 11 at Form 8825 linya 2.

[7] Kung hindi zero, dapat mo rin isama ang Form 1120-S Schedule K mga line 3a, 4, 5a, 6, at 10 at Form 8825 line 2.

nagpapahiram) ng Second Draw na Humihiram. Dapat suportado ng dokumento ang mga halagang ibinigay sa aplikasyon.

7. **Tanong:** Isa akong aplikante para sa halaga ng Second Draw ng PPP na Pautang na $150,000 o mas mababa. Kailan ko kailangan ibigay ang mga dokumento para mapagtibay ang pagbaba ng mga gross receipt?

   **Sagot:** Para sa halaga ng Second Draw ng PPP na Pautang na $150,000 o mas mababa, dapat magbigay ang humihiram ng dokumentong nagpapatibay sa pagbaba ng mga gross receipt bago o sa panahong humihingi ang humihiram ng patawad sa loan (o sa paghiling ng SBA). Dapat na malinaw na tukuyin ng dokumento ang parehong mga sangguniang quarter (kung hindi ginagamit ang taunang paghahambing), dapat na taglay ang halaga ng mga gross receipt para sa parehong mga quarter, at suportado ang mga ibinigay na halaga. (Dapat magbigay ng dokumento ng payroll para mapagtibay ang halaga ng hinihiling na loan sa aplikasyon para sa Second Draw ng PPP na Pautang, tingnan ang susunod na set ng mga FAQ sa dokumentong ito para sa mas maraming impormasyon.)

8. **Tanong:** Maaari ko bang idokumento ang pagbaba ng mga gross receipt ko sa income tax returns kung magfi-file ang entidad ko ng buwis sa batayan ng fiskal na taon na naiiba sa calendar year?

   **Sagot:** Maaaring idokumeto ng mga entidad na gumagamit ng fiscal year para mag-file ng mga buwis ang pagbaba ng mga gross receipt sa mga income tax return kung nilalaman ng fiscal year nila ang ikalawa, ikatlo, at ikaapat na quarter ng calendar year lang (hal., may petsa ng simula ng fiscal year na Pebrero 1, Marso 1, o Abril 1).

9. **Tanong**: Isa akong self-employed na indibidwal na karapat-dapat na gumamit ng gross income mula sa kapwa Schedule C at Schedule F para kalkulahin ang halaga ng loan, paano ko ikakalkula ang ibabawas na porsiyento sa mga gross receipt para sa isang Second Draw PPP Loan?

   **Sagot**: Pagsamahin ang mga gross receipt para sa Schedule C na negosyo mo sa mga gross receipt ng Schedule F na negosyo mo at ihambing ang suma nito sa suma ng mga gross receipt mo para sa Schedule C at Schedule F na negosyo para sa pinili mong sangguniang panahon (maging quarterly o taunan).

## Mga Maximum na Halaga ng Second Draw ng PPP na Pautang

Inilalarawan ng gabay ang mga gastos sa payroll gamit ang kalendaryo ng taong 2019 bilang sangguniang panahon para sa pagtukoy sa mga gastos sa payroll na ginamit para kalkulahin ang mga halaga ng pautang. Subalit, pinapayagan ang mga humihiram na gamitin ang mga gastos sa payroll mula sa alinman sa kalendaryo ng taong 2019 o kalendaryo ng taong 2020 para sa pagkalkula sa halaga ng kani-kanilang Second Draw ng PPP na Pautang.[8] Dapat ibigay ang mga dokumento, kabilang ang mga IRS form, para sa napiling sangguniang panahon. Kung ginagamit ng humihiram ang parehong nagpapahiram at parehong timeframe ng payroll na ginamit nito para sa First Draw ng PPP na Pautang nito at nakapagsumite na ng hinihinging dokumento ng payroll sa nagpapahiram, walang karagdagang dokumento ng payroll ang kakailanganin na

[8] Lahat na bahagi ng gastos sa payroll ay dapat na mula sa parehong kalendaryo ng taon. Maaari lang isama ang mga gastos sa payroll, kabilang ang mga protektadong benepisyo, para sa mga empleyado na ang pangunahing lugar ng pananahan ay sa Estados Unidos.

isumite sa aplikasyon nito para sa Second Draw PPP Loan.

1. **Tanong:** Self-employed ako at wala akong empleyado. Paano ko kakalkulahin ang maximum na halaga ng Second Draw PPP Loan ko kung gagamitin ko ang net profit? (Tandaan na bahagyang magdedepende ang mga halaga ng pagpapatawad sa PPP loan sa kabuuang halaga na ginastos sa loob ng protektadong haba ng panahon kasunod ng pagpalabas ng PPP loan.)

   **Sagot:** Dapat gamitin ang sumusunod na pamamaraan para kalkulahin ang maximum na halaga namaaaring hiramin kung ikaw ay self-employed at walang empleyado, at ang pangunahing lugar ng pananahan mo ay sa Estados Unidos, kabilang kung ikaw ay isang hiwalay na kontratista o nagpapatakbo ng isang sole proprietorship, at ginagamit mo ang net profit (pero hindi kung isa kang partner sa isang partnership):

   - **Hakbang 1:** Hanapin ang halaga ng net profit mo sa 2019 IRS Form 1040 Schedule C line 31.[9] Kapag ang halagang ito ay mahigit $100,000, gawin itong $100,000. Kung ang halagang ito ay zero o mas mababa, hindi ka kwalipikado sa PPP loan.
   - **Hakbang 2:** Kalkulahin ang average na halaga ng buwanang netong kita (hatiin ang halaga mula sa Hakbang 1 sa 12).
   - **Hakbang 3:** I-multiply ang average na halaga ng buwanang net na kinita mula sa Hakbang 2 sa 2.5.[10]

   Dapat ibigay ang iyong 2019 IRS Form 1040 Schedule C para mapagtibay ang ina-apply na halaga ng Second Draw ng PPP na Pautang. Dapat ka rin magbigay ng 2019 IRS Form 1099-MISC na nagdedetalye sa natanggap na kabayaran bilang hindi isang empleyado (kahon 7), IRS Form 1099-K, invoice, bank statement, o book of record na nagpapatunay na ikaw ay self-employed noong 2019 at isang 2020 na invoice, bank statement, o book of record na nagpapatunay na ikaw ay nagnenegosyo noong Pebrero 15, 2020.

2. **Tanong:** Self-employed ako at mayroon akong mga empleyado. Paano ko kakalkulahin ang maximum na halaga ng Second Draw PPP Loan ko (hanggang $2 milyon) kung ginagamit ko ang net profit? (Tandaan na bahagyang magdedepende ang mga halaga ng pagpapatawad sa PPP loan sa kabuuang halaga na ginastos sa loob ng protektadong haba ng panahon kasunod ng pagpalabas ng PPP loan.)

   **Sagot:** Dapat gamitin ang sumusunod na pamamaraan para kalkulahin ang maximum na halaga na maaaring hiramin kung ikaw ay self-employed na may mga empleyado, kabilang kung ikaw ay isang hiwalay na kontratista o nagpapatakbo ng isang sole proprietorship, at ginagamit mo ang net profit (pero hindi kung isa kang partner sa isang partnership):

---

[9] Kung ang ginagamit mo ay mga halaga na pang-2020 at hindi pa natatapos ang return para sa 2020, punan ito at kalkulahin ang mga halaga.

[10] I-multiply sa 3.5 kung ang negosyo mo ay nasa Accommodation and Food Services sector (NAICS Code 72) at nagsisimula sa 72 ang business activity code na inulat a pinakahuli mong IRS Form 1040 Schedule C line B.

- **Hakbang 1:** Kalkulahin ang halaga ng iyong 2019 payroll sa pamamagitan ng pagsasama sa mga sumusunod:
  - 2019 IRS Form 1040 Schedule C line 31 halaga ng net profit;[11]
    - kung ang halaga ay lagpas sa $100,000, babaan ito sa $100,000;
    - Kung ang halagang ito ay mas mababa sa zero, i-set ang halagang ito sa zero;
  - Pang-2019 na mga gross na sahod at tip na ibinayad sa mga empleyado mong ang pangunahing pananahan ay sa Estados Unidos, na aabot sa $100,000 kada empleyado, na maaaring kalkulahin gamit ang:
    - Pang-2019 na IRS Form 941 Taxable Medicare na mga sahod at tip (line 5c-column 1) mula sa bawat quarter,
    - Dagdag ang anumang pre-tax na kontribusyon ng empleyado para sa health insurance o iba pang espesyal na benepisyo na hindi kasama sa Taxable Medicare na mga sahod at tip,
    - Ibawas ang (i) anumang mga halaga na ibinayad sa sinumang indibidwal na empleyado na hihigit sa $100,000, at (ii) anumang mga halaga na ibinayad sa sinumang empleyado na ang pangunahing pananahan ay sa labas ng Estados Unidos;
  - Pang-2019 na mga kontribusyon ng employer para sa health, life, disability, vision, at dental insurance ng grupo ng mga empleyado (Maiuugnay ang bahagi ng IRS Form 1040 Schedule C line 14 sa mga kontribusyon na iyon);
  - Kontribusyon ng employer noong 2019 sa mga retirement plan ng empleyado (IRS Form 1040 Schedule C line 19); at
  - Mga lokal at pang-estadong buwis ng employer noong 2019 na tinasa sa kita ng empleyado, pangunahin ay ang state unemployment insurance tax (mula sa quarterly wage reporting forms ng estado).
- **Hakbang 2:** Kalkulahin ang average na buwanang halaga ng payroll (hatiin ang halaga mula sa Hakbang 1 sa 12).
- **Hakbang 3:** I-multiply ang average na buwanang halaga ng payroll mula sa Hakbang 2 sa 2.5.[12]

Ang pang-2019 na IRS Form 1040 Schedule C, IRS Form 941 at state quarterly wage unemployment insurance tax reporting form mula sa bawat quarter (o katumbas na mga record ng payroll processor o IRS Wage and Tax Statements), kasama ng anumang dokumento sa pagreretiro o mga kontribusyon sa group health, life, disability, vision, at dental, ay dapat ibigay para mapagtibay ang halaga ng Second Draw ng PPP na Pautang

[11] Kung ang ginagamit mo ay mga ginastos sa payroll na pang-2020 at hindi pa napupun ang return para sa 2020, punan ito at kalkulahin ang mga halaga.
[12] I-multiply sa 3.5 kung ang negosyo mo ay nasa Accommodation and Food Services sector at nagsisimula sa 72 ang business activity code na inulat a pinakahuli mong IRS Form 1040 Schedule C line B.

na ina-apply. Dapat magbigay ng payroll statement o katulad na dokumentasyon para sa panahon ng suweldo na sumaklaw sa Pebrero 15, 2020 upang mapatunayan na nagnenegosyo ka at mayroon kang mga empleyado noong petsang iyon.

3. **Tanong:** Isa akong self-employed na farmer o rancher na nag-uulat ng kinikita sa IRS Form 1040 Schedule F. Anong dokumentasyon ang kailangan kong ibigay bilang kapalit ng Schedule C at paano matutukoy ang maximum na halaga ng Second Draw ng PPP na Pautang ko (hanggang $2 milyon)?

   **Sagot:** Dapat gamitin ng mga self-employed na farmer at rancher (hal., mga nag-uulat ng net na kinita ng farm nila sa IRS Form 1040 Schedule F ay pagkatapos au nag-uulat ng kinita sa Schedule F sa IRS Form 1040 Schedule 1) ang IRS Form 1040 Schedule F bilang kapalit ng Schedule C.

   Pareho ang kalkulasyong para sa self-employed na mga farmer at rancher na walang empleyado sa mga nag-file ng Schedule C na walang empleyado, pero dapat gamitin ang Schedule F line 9 (gross income) para matukoy ang halaga ng pautang sa halip na Schedule C line 31 (net profit).

   Pareho ang kalkulasyon para sa mga self-employed na farmer at rancher na may mga empleyado sa mga nag-file ng Schedule C na may mga empleyado na may ilang mga di-pagkakabilang. Una, sa halip na Schedule C line 31 (net profit), dapat gamitin ang kaibahan ng Schedule F line 9 (gross income) at suma ng mga line ng Schedule F na 15, 22, at 23 (para sa payroll ng empleyado). Ikalawa, dapat gamitin ang mga kontribusyon ng employer para sa panggrupong health, life, disability, vision at dental insurance (bahagi ng Schedule F line 15 na maiuugnay sa mga kontribusyon na iyon) at mga kontribusyon ng employer para sa mga kontribusyon sa pagretiro (Schedule F line 23) kapalit ng mga nasa kaugnay na linya sa Schedule C.

   Pareho ang mga hinihinging dokumento para sa mga nag-file ng Schedule C maliban sa pang-2019 na IRS Form 1040 Schedule 1 at dapat isama ang Schedule F sa aplikasyon para sa Second Draw ng PPP na Pautang sa halip na IRS Form 1040 Schedule C. Dagdag pa, para sa mga farmer at rancher na may mga empleyado, dapat na ibigay ang IRS Form 943 bilang dagdag sa, o bilang kapalit ng, IRS Form 941, kung naaangkop.

4. **Tanong:** Paano mag-apply ang mga partnership para sa mga Second Draw ng PPP na Pautang, at paano kinakalkula ang maximum na halaga ng Second Draw ng PPP na Pautang para sa mga partnership (hanggang $2 milyon)? Dapat bang isama ang kita sa self-employment ng mga magkakasosyo sa aplikasyon ng antas ng entidad ng negosyo para sa PPP loan o sa magkahiwalay na aplikasyon para sa PPP loan para sa bawat kasosyo? (Tandaan na bahagyang magdedepende ang mga halaga ng pagpapatawad sa PPP loan sa kabuuang halaga na ginastos sa loob ng protektadong haba ng panahon kasunod ng pagpalabas ng PPP loan.)

   **Sagot:** Dapat sundin ang sumusunod na pamamaraan upang kalkulahin ang maksimum na halagang mahihiram para sa mga partnership (ang kita ng mga magkakasosyo sa self-employment ay dapat isama sa aplikasyon ng partnership para sa PPP loan, hindi pwedeng mag-aplay ang indibidwal na kasosyo para sa hiwalay na PPP loan):

- **Hakbang 1:** Kalkulahin ang halaga ng 2019 payroll sa pamamagitan ng pagsasama sa mga sumusunod:
    - 2019 na Schedule K-1 (IRS Form 1065) Net na kinita mula sa pagiging self-employed ng indibidwal na mga partner na nakabase sa U.S. na sasailalim sa self-employment tax, na imu-multiply sa 0.9235,[13] hanggang $100,000 kada partner;[14]
        - Kalkulahin ang net na kinita mula sa pagiging self-employed ng indibidwal na kasosyo na nakabase sa U.S. na sasailalim sa self-employment tax mula sa kahon 14 ng IRS Form 1065 Schedule K-1 at ibawas (i) ang anumang inaangking deduction sa ginastos sa seksiyon 1 79 sa kahon 12; (ii) anumang inaangkin na di-naibalik na gastos ng partnership; at (iii) anumang inaangkin na pagkaubos ng mga ari-ariang langis at gas.
            - kung ang halagang ito ay lagpas sa $100,000 para sa isang partner, ibaba ito sa $100,000;
            - kung ang halagang ito ay mas mababa sa zero para sa isang partner, i-set ang halagang ito sa zero;
    - Pang-2019 na mga gross na sahod at tip na ibinayad sa mga empleyado na ang pangunahing pananahan ay sa Estados Unidos (kung mayroon), na aabot sa $100,000 kada empleyado, na maaaring kalkulahin gamit ang:
        - Pang-2019 na IRS Form 941 Taxable Medicare na mga sahod at tip (line 5c-column 1) mula sa bawat quarter,
        - Dagdag ang anumang pre-tax na kontribusyon ng empleyado para sa health insurance o iba pang espesyal na benepisyo na hindi kasama sa Taxable Medicare na mga sahod at tip,
        - Ibawas ang (i) anumang mga halaga na ibinayad sa sinumang indibidwal na empleyado na hihigit sa $100,000, at (ii) anumang mga halaga na ibinayad sa sinumang empleyado na ang pangunahing pananahan ay sa labas ng Estados Unidos;
    - Pang-2019 na mga kontribusyon ng employer para empleyado (pero hindi kasosyo) sa health, life, disability, vision, at dental insurance ng grupo ng mga empleyado, kung mayroon (maiuugnay ang bahagi ng IRS Form 1065 line 19 sa mga kontribusyon na iyon);
    - Mga kontribusyon ng employer noong 2019 sa mga retirement plan ng empleyado (pero hindi kasosyo), kung mayroon (IRS Form 1065 line 18); at

[13] Sinusunod ng ganitong pagtrato ang kalkulasyon ng self-employment tax mula sa IRS Form 1040 Schedule SE Section A line 4 at inaalis nito ang bahagi ng "employer" sa self-employment tax, na katulad sa kung paanong tinutukoy ang mga gastusin sa payroll para sa mga empleyado ng partnership.
[14] Kung ginagamit ng partnership ang pang-2020 na gastos sa payroll at hindi pa napupunan ang Form 1065 para sa 2020, punan ang form.

    - Mga lokal at pang-estadong buwis ng employer noong 2019 na tinasa sa kita ng empleyado, pangunahin ay ang state unemployment insurance tax (mula sa quarterly wage reporting forms ng estado), kung mayroon.

- **Hakbang 2:** Kalkulahin ang average na buwanang gastos sa payroll (hatiin ang halaga mula sa Hakbang 1 sa 12).
- **Hakbang 3:** I-multiply ang average na buwanang gastos sa payroll mula Hakbang 2 nang 2.5.[15]

Dapat na ibigay ang 2019 IRS Form 1065 ng partnership (kasama ang mga K-1) para mapagtibay ang ina-apply na halaga ng Second Draw ng PPP na Pautang. Kung may mga empleyado ang partnership, ang iba pang kaugnay na pangsuportang dokumento, kabilang ang 2019 IRS Form 941 at state quarterly wage unemployment insurance tax reporting form mula sa bawat quarter (o katumbas na mga record sa payroll processor o IRS Wage and Tax Statement), kasama ng record sa anumang pagreretiro o kontribusyon sa health, life, disability, vision, at dental insurance ng grupo, ay dapat din ibigay para mapagtibay ang halaga ng PPP loan. Kung mayroong mga empleyado ang partnership, dapat magbigay ng payroll statement o katulad na dokumentasyon para sa panahon ng suweldo na sumaklaw sa Pebrero 15, 2020 upang mapatunayan na nagnenegosyo ang partnership at mayroon itong mga empleyado noong petsang iyon. Kung walang empleyado ang partnership, dapat magbigay ng invoice, bank statement, o book of record na magpapatunay na nagnenegosyo ang partnership noong Pebrero 15, 2020.

5. **Tanong:** Paano kinakalkula ang maximum na halaga ng Second Draw ng PPP na Pautang para sa mga S corporation at C corporation (hanggang $2 milyon)? (Tandaan na bahagyang magdedepende ang mga halaga ng pagpapatawad sa PPP loan sa kabuuang halaga na ginastos sa loob ng protektadong haba ng panahon kasunod ng pagpalabas ng PPP loan.)

   **Sagot:** Dapat gamitin ang sumusunod na pamamaraan upang kalkulahin ang maksimum na halagang mahihiram para sa mga corporation, kabilang ang mga S at C corporation:

   - **Hakbang 1:** Kalkulahin ang halaga ng 2019 payroll sa pamamagitan ng pagsasama sa mga sumusunod:
     - Pang-2019 na mga gross na sahod at tip na ibinayad sa mga empleyado mong ang pangunahing pananahan ay sa Estados Unidos, na aabot sa $100,000 kada empleyado, na maaaring kalkulahin gamit ang:
       - Pang-2019 na IRS Form 941 Taxable Medicare na mga sahod at tip (line 5c-column 1) mula sa bawat quarter,
       - Dagdag ang anumang pre-tax na kontribusyon ng empleyado para sa health insurance o iba pang espesyal na benepisyo na hindi kasama sa Taxable Medicare na mga sahod at tip,

[15] I-multiply sa 3.5 kung ang negosyo mo ay nasa Accommodation and Food Services sector at nagsisimula sa 72 ang business activity code na inulat a pinakahuli mong IRS Form 1065 Line C.

        - Ibawas ang (i) anumang mga halaga na ibinayad sa sinumang indibidwal na empleyado na hihigit sa $100,000, at (ii) anumang mga halaga na ibinayad sa sinumang empleyado na ang pangunahing pananahan ay sa labas ng Estados Unidos;
    - Pang-2019 na mga kontribusyon ng employer para sa health, life, disability, vision, at dental insurance ng grupo ng mga empleyado (maiuugnay ang bahagi ng IRS Form 1120 line 24 o IRS Form 1120-S line 18 sa mga kontribusyon na iyon);[16]
    - Mga kontribusyon ng employer para sa pagreretiro noong 2019 (IRS Form 1120 line 23 o IRS Form 1120-S line 17); at
    - Mga lokal at pang-estadong buwis ng employer noong 2019 na tinasa sa kita ng empleyado, pangunahin ay ang state unemployment insurance tax (mula sa quarterly wage reporting forms ng estado).
- **Hakbang 2:** Kalkulahin ang average na buwanang gastos sa payroll (hatiin ang halaga mula sa Hakbang 1 sa 12).
- **Hakbang 3:** I-multiply ang average na buwanang gastos sa payroll mula Hakbang 2 nang 2.5.[17]

Ang pang-2019 na IRS Form 941 at state quarterly wage unemployment insurance tax reporting form ng korporasyon mula sa bawat quarter (o katumbas na mga record ng payroll processor o IRS Wage and Tax Statements), kasama ng nai-file na business tax return (IRS Form 1120 o IRS 1120-S) o anumang iba pang dokumento sa pagreretiro at mga kontribusyon sa group health, life, disability, vision, at dental insurance, ay dapat ibigay para mapagtibay ang halaga ng Second Draw PPP loan na ina-apply. Dapat magbigay ng payroll statement o katulad na dokumentasyon para sa panahon ng suweldo na sumaklaw sa Pebrero 15, 2020 upang mapatunayan na nagnenegosyo ka at mayroon kang mga empleyado noong petsang iyon.

6. **Tanong:** Paano kinakalkula ang maximum na halaga ng Second Draw PPP Loan para sa mga kwalipikadong nonprofit organization (hanggang $2 milyon)? (Tandaan na bahagyang magdedepende ang mga halaga ng pagpapatawad sa PPP loan sa kabuuang halaga na ginastos sa loob ng protektadong haba ng panahon kasunod ng pagpalabas ng PPP loan.)

   **Sagot:** Dapat sundin ang sumusunod na pamamaraan para kalkulahin ang maximum na halagang mahihiram para sa mga kwalipikadong nonprofit organization (mga kwalipikadong nonprofit religious institution o iba pang kwalipikadong nonprofit na hindi hinihingan na mag-file ng IRS Form 990, tingnan ang susunod na tanong):

---

[16] Tandaan na ang mga kontribusyon ng employer para sa health, life, disability, vision, at dental insurance ng grupo para sa mga S-Corporation na empleyado na nagmamay-ari ng higit sa 2 porsiyentong angkin sa negosyo (o mga empleyado na mga miyembro ng pamilya ng mga naturang may-ari) ay hindi isinama sa halagang ito dahil ang mga naturang kontribusyon ay kasama na sa mga gross na sahod.

[17] I-multiply sa 3.5 kung ang negosyo mo ay nasa Accommodation and Food Services sector at nagsisimula sa 72 ang business activity code na inulat a pinakahuli mong IRS Form 1120 Schedule K, line 2A (IRS Form 1120-S item B).

- **Hakbang 1:** Kalkulahin ang halaga ng 2019 payroll sa pamamagitan ng pagsasama sa mga sumusunod:
    - Pang-2019 na mga gross na sahod at tip na ibinayad sa mga empleyado mong ang pangunahing pananahan ay sa Estados Unidos, na aabot sa $100,000 kada empleyado, na maaaring kalkulahin gamit ang:
        - Pang-2019 na IRS Form 941 Taxable Medicare na mga sahod at tip (line 5c-column 1) mula sa bawat quarter,
        - Dagdag ang anumang pre-tax na kontribusyon ng empleyado para sa health insurance o iba pang espesyal na benepisyo na hindi kasama sa Taxable Medicare na mga sahod at tip,
        - Ibawas ang (i) anumang mga halaga na ibinayad sa sinumang indibidwal na empleyado na hihigit sa $100,000, at (ii) anumang mga halaga na ibinayad sa sinumang empleyado na ang pangunahing pananahan ay sa labas ng Estados Unidos;
    - Pang-2019 na mga kontribusyon ng employer para sa health, life, disability, vision, at dental insurance ng grupo (maiuugnay ang bahagi ng IRS Form 990 Part IX line 9 sa mga kontribusyon na iyon);
    - Mga kontribusyon ng employer para sa pagreretiro noong 2019 (IRS Form 990 Part IX line 8); at
    - Mga lokal at pang-estadong buwis ng employer noong 2019 na tinasa sa kita ng empleyado, pangunahin ay ang state unemployment insurance tax (mula sa quarterly wage reporting forms ng estado).
- **Hakbang 2:** Kalkulahin ang average na buwanang gastos sa payroll (hatiin ang halaga mula sa Hakbang 1 sa 12).
- **Hakbang 3:** I-multiply ang average na buwanang gastos sa payroll mula Hakbang 2 nang 2.5.[18]

Ang pang-2019 na IRS Form 941 at state quarterly wage unemployment insurance tax reporting form ng nonprofit organization mula sa bawat quarter (o katumbas na mga record ng payroll processor o IRS Wage and Tax Statements), kasama ng nai-file na IRS Form 990 o IRS 1120-S o anumang iba pang dokumento sa pagreretiro at mga kontribusyon sa group health, life, disability, vision, at dental insurance, ay dapat ibigay para mapagtibay ang halaga ng Second Draw ng PPP na Pautang na ina-apply. Dapat magbigay ng payroll statement o katulad na dokumentasyon para sa panahon ng suweldo na sumaklaw sa Pebrero 15, 2020 upang mapatunayan na nagnenegosyo ka at mayroon kang mga empleyado noong petsang iyon. Ang mga kwalipikadong nonprofit na nagfi-file ng IRS Form 990-EZ ay dapat na umasa sa form na iyon at ang mga hindi nagfi-file ng IRS Form 990 o 990-EZ, karaniwang ang mga may gross receipt na mas mababa sa $50,000, ay dapat tingnan ang susunod na tanong.

---

[18] I-multiply sa 3.5 kung ang negosyo mo ay nasa Accommodation and Food Services sector at nagsisimula sa 72 ang business activity code na inulat a pinakahuli mong IRS Form 990 Part VIII, sa tabi ng line 2A.

7. **Tanong:** Paano kinakalkula ang maximum na halaga ng Second Draw ng PPP na Pautang para sa mga kwalipikadong nonprofit religious institution, mga veterans organization, at mga tribal business (hanggang $2 milyon)? (Tandaan na bahagyang magdedepende ang mga halaga ng pagpapatawad sa PPP loan sa kabuuang halaga na ginastos sa loob ng protektadong haba ng panahon kasunod ng pagpalabas ng PPP loan.)

   **Sagot:** Dapat sundin ang sumusunod na pamamaraan upang kalkulahin ang maksimum na halagang mahihiram para sa mga kwalipikadong nonprofit religious institution, veteran organization at tribal business:

   - **Hakbang 1:** Kalkulahin ang halaga ng 2019 payroll sa pamamagitan ng pagsasama sa mga sumusunod:
     - Pang-2019 na mga gross na sahod at tip na ibinayad sa mga empleyado na ang pangunahing pananahan ay sa Estados Unidos, na aabot sa $100,000 kada empleyado, na maaaring kalkulahin gamit ang:
       - Pang-2019 na IRS Form 941 Taxable Medicare na mga sahod at tip (line 5c-column 1) mula sa bawat quarter,
       - Dagdag ang anumang pre-tax na kontribusyon ng empleyado para sa health insurance o iba pang espesyal na benepisyo na hindi kasama sa Taxable Medicare na mga sahod at tip,
       - Ibawas ang (i) anumang halaga na ibinayad sa sinumang indibidwal na empleyado na hihigit sa $100,000, at (ii) anumang mga halaga na ibinayad sa sinumang empleyado na ang pangunahing pananahan ay sa labas ng U.S.;
     - Pang-2019 na mga kontribusyon ng employer sa health, life, disability, vision, at dental insurance ng grupo;
     - Mga kontribusyon ng employer noong 2019 para sa pagreretiro at
     - Mga lokal at pang-estadong buwis ng employer noong 2019 na tinasa sa kita ng empleyado, pangunahin ay ang state unemployment insurance tax (mula sa quarterly wage reporting forms ng estado).
   - **Hakbang 2:** Kalkulahin ang average na buwanang gastos sa payroll (hatiin ang halaga mula sa Hakbang 1 sa 12).
   - **Hakbang 3:** I-multiply ang average na buwanang gastos sa payroll mula Hakbang 2 nang 2.5.[19]

   Ang pang-2019 na IRS Form 941 at state quarterly wage unemployment insurance tax reporting form mula sa bawat quarter (o katumbas na mga record ng payroll processor o IRS Wage and Tax Statements), kasama ng anumang dokumento sa pagreretiro o mga kontribusyon sa group health, life, disability, vision, at dental, ay dapat ibigay para mapagtibay ang halaga ng Second Draw ng PPP na Pautang na ina-apply. Dapat

[19] I-multiply sa 3.5 kung ang negosyo mo ay nasa Accommodation and Food Services sector (NAICS code na nagsisimula sa 72, hal., isang hotel, restaurant, bar).

magbigay ng payroll statement o katulad na dokumentasyon para sa panahon ng suweldo na sumaklaw sa Pebrero 15, 2020 upang mapatunayan na nagnenegosyo ka at mayroon kang mga empleyado noong petsang iyon.

8. **Tanong:** May-ari ako ng isang LLC. Aling set ng mga tagubilin ang nalalapat sa akin?

   **Sagot:** Dapat sundin ng mga LLC ang mga tagubilin na nalalapat sa status nila sa pagfa-file ng tax sasangguniang panahon na ginamit para kalkulahin ang mga ginastos sa payroll (2019 o 2020)—hal., kung nai-file ang LLC (o ifa-file) bilang isang sole proprietor, isang partnership, o isang korporasyon sa sangguniang panahon.

9. **Tanong:** Anu-ano pang ibang dokumento ang maibibigay ng aplikante para sa layuning pagpatibayin ang mga ginastos sa payroll na ginamit para mag-apply para sa halaga ng Second Draw ng PPP na Pautang?

   **Sagot:** Maaaring magbigay ang isang aplikante ng IRS Form W-2s at IRS Form W-3 o mga payroll processor report, kabilang angmga quarterly at annual tax report, bilang kapalit ng IRS Form 941. Dagdag pa rito, ang napakaliliit na negosyo na nagfi-file ng taunang IRS Form 944 o mga agricultural employer na nagfi-file ng taunang IRS Form 943 ay dapat na umasa sa at magbigay ng IRS Form 944 o IRS Form 943 bilang kapalit ng IRS Form 941.

   Maaaring magbigay ang isang aplikante ng mga record mula sa isang retirement administrator para idokumento ang mga kontribusyon ng employer sa pagreretiro. Maaari rin magbigay ang isang aplikante ng mga record mula sa isang kompanya ng health insurance o isang third-party na administrator para sa isang self-insured plan para maidokumento ang mga kontribusyon ng employer sa health insurance.

10. **Tanong:** Paano kinakalkula ang maximum na halaga ng Second Draw PPP Loan para sa isang korporasyon o nonprofit na hindi nag-ooperate nang isang buong taon bago ang Pebrero 15, 2020? (Tandaan na bahagyang magdedepende ang mga halaga ng pagpapatawad sa PPP loan sa kabuuang halaga na ginastos sa loob ng protektadong haba ng panahon kasunod ng pagpalabas ng PPP loan.)

    **Sagot:** Dapat gamitin ang sumusunod na pamamaraan para kalkulahin ang maximum na halagang mahihiram:

    - **Hakbang 1:** Kalkulahin ang total na gastos sa payroll mula sa unang pag-operate noong 2019 o 2020 hanggang sa wakas ng calendar year 2020 sa pamamagitan ng pagdagdag sa mga sumusunod:
        - Mga gross na sahod at tip na ibinayad sa mga empleyado mong ang pangunahing pananahan ay sa Estados Unidos, na aabot sa $100,000 kada empleyado sa bawat taon, na maaaring kalkulahin gamit ang:
            - IRS Form 941 Taxable Medicare wages & tips (line 5c-column 1) mula sa bawat quarter na tumatakbo ang negosyo,
            - Dagdag ang anumang pre-tax na kontribusyon ng empleyado para sa health insurance o iba pang espesyal na benepisyo na hindi kasama sa Taxable Medicare na mga sahod at tip,

- Ibawas ang (i) anumang mga halaga na ibinayad sa sinumang indibidwal na empleyado na hihigit sa $8,333, at bilang ng mga buwan na nag-ooperate sa buong 2020, at (ii) anumang mga halaga na ibinayad sa sinumang empleyado na ang pangunahing pananahan ay sa labas ng Estados Unidos;

  - Mga kontribusyon ng employer sa health, life, disability, vision, at dental insurance ng grupo;[20]
  - Mga kontribusyon ng employer para sa pagreretiro: at
  - Mga lokal at pang-estadong buwis ng employer na tinasa sa ibinayad sa empleyado, pangunahin ay ang state unemployment insurance tax (mula sa quarterly wage reporting forms ng estado).

- **Hakbang 2:** Kalkulahin ang average na buwanang gastos sa payroll (i-divide ang halaga mula sa Hakbang 1 sa bilang ng mga buwan na nag-ooperate mula 2019 hanggang sa wakas ng 2020).
- **Hakbang 3:** I-multiply ang average na buwanang gastos sa payroll mula Hakbang 2 nang 2.5.[21]

Ang IRS Form 941 at state quarterly wage unemployment insurance tax reporting form mula sa bawat quarter na nag-ooperate ang entidad (o katumbas na mga record ng payroll processor o IRS Wage and Tax Statements), kasama ng dokumento sa anumang pagreretiro o mga kontribusyon sa group health, life, disability, vision, at dental, ay dapat ibigay para mapagtibay ang halaga ng Second Draw PPP loan na ina-apply. Dapat magbigay ng payroll statement o katulad na dokumentasyon para sa panahon ng suweldo na sumaklaw sa Pebrero 15, 2020 upang mapatunayan na nagnenegosyo ka at mayroon kang mga empleyado noong petsang iyon.

11. **Tanong:** Isa akong self-employed (o isang partnership) na nag-ooperate noong Pebrero 15, 2020, pero hindi na nag-ooperate nang buong isang taon bago ang Pebrero 15, 2020. Nag-file o magfi-file ako ng isang Form 1040 Schedule C o Schedule F (o Form 1065) para sa 2020. Ano ang sangguniang panahon na dapat kong gamitin para kalkulahin ang halaga ng Second Draw ng PPP na Pautang ko?

    **Sagot:** Sa ganitong kaso, ang maximum na halaga ng Second Draw ng PPP na Pautang mo ay ang average na buwanang payroll batay sa bilang ng mga buwan na nag-ooperate ka mula 2019 hanggang sa wakas ng calendar year 2020, hindi kabilang ang mga ginastos na lagpas sa $100,000 sa taunang batayan.

---

[20] Tandaan na ang mga kontribusyon ng employer para sa health, life, disability, vision, at dental insurance ng grupo para sa mga S-Corporation na empleyado na nagmamay-ari ng higit sa 2 porsiyentong angkin sa negosyo (o mga empleyado na mga miyembro ng pamilya ng mga naturang may-ari) ay hindi isinama sa halagang ito dahil ang mga naturang kontribusyon ay kasama na sa mga gross na sahod.

[21] I-multiply sa 3.5 kung ang negosyo mo ay nasa Accommodation and Food Services sector at nagsisimula sa 72 ang business activity code na inulat a pinakahuli mong income tax return (Form 1120 Schedule K, line 2A para sa mga korporasyon, Form 1120-S item B para sa mga S-corporation, at Form 990 Part VIII, sa tabi ng line 2A para sa mga nonprofit).

- **Hakbang 1:** Kalkulahin ang nalalapat na kapayaran sa may-ari sa buong 2019 (kung nag-ooperate sa taon na iyon) at 2020 income tax return:[22]
  - Para sa **mga nag-file ng self-employed Schedule C na gumagamit ng net profit** (may mga empleyado man sila o wala), ito ang suma ng halaga ng Form 1040 Schedule C line 31 net profit.
    - Kung ang halagang ito ay mas mababa sa zero, i-set ang halagang ito sa zero;
  - Para sa **mga self-employed na nag-file ng Schedule C na walang empleyado at gumagamit ng gross income**, ito ang suma ng halaga ng Form 1040 Schedule C line 7 gross income.
    - Kung ang halagang ito ay zero o mas mababa, hindi ka kwalipikado para sa Second Draw na PPP loan;
  - Para sa **mga self-employed na nag-file ng Schedule C na may mga empleyado na gumagamit ng gross income**, ito ang suma ng kaibahan sa pagitan ng halaga ng gross income sa Form 1040 Schedule C line 7 at gastos sa payroll ng empleyado mula sa suma ng Form 1040 Schedule C mga line 14, 19, at 26.[23]
    - Kung ang halagang ito ay mas mababa sa zero, i-set ang halagang ito sa zero;
  - Para sa **self-employed na farmer o rancher na walang empleyado**, ito ang suma ng halaga ng Form 1040 Schedule F line 9 gross income.
  - Para sa **self-employed na farmer o rancher na may mga empleyado**, ito ang suma ng kaibahan sa pagitan ng halaga ng gross income sa Form 1040 Schedule F line 9 at gastos sa payroll ng empleyado mula sa suma ng Form 1040 Schedule F mga line 15, 22, at 23.
    - Kung ang halagang ito ay mas mababa sa zero, i-set ang halagang ito sa zero.
  - Para sa **mga partnership**, ito ang suma ng Schedule K-1 (IRS Form 1065) net na kinita mula sa pagiging self-employed ng indibidwal na mga partner na nakabase sa U.S. na sasailalim sa self-employment tax, na imu-multiply sa 0.9235.

---

[22] Kung hindi mo pa napupunan ang nalalapat na 2020 return mo, punan na nito.

[23] Dapat din ibawas mula sa gross income ang anumang iba pang gastos sa payroll ng empleyado na hindi inulat sa mga linyang iyon pero kasama sa mga kabuuang gastos sa line 28.

- Kalkulahin ang net na kinita mula sa pagiging self-employed ng indibidwal na kasosyo na nakabase sa U.S. na sasailalim sa self-employment tax mula sa kahon 14 ng IRS Form 1065 Schedule K-1 at ibawas (i) ang anumang inaangking deduction sa ginastos sa seksiyon 1 79 sa kahon 12; (ii) anumang inaangkin na di-naibalik na gastos ng partnership; at (iii) anumang inaangkin na pagkaubos ng mga ari-ariang langis at gas. Kung ang halagang ito ay mas mababa sa zero, i-set ang halagang ito sa zero.

- **Hakbang 2**: Kung ang halaga mula sa Hakbang 1 ay mas malaki kaysa sa product ng $8,333 at bilang ng mga buwan na nag-ooperate mula 2019 hanggang sa wakas ng 2020, i-set ito sa halagang ito.
  - Para sa **mga partnership**, hiwalay na nalalapat ang cap na ito sa bawat general partner.
- **Hakbang 3**: Kung may mga empleyado ang entidad, ilagay ang halagang kinalkula mula sa pagsunod sa mga tagubilin sa FAQ 10 Hakbang 1, kung hindi, ilagay ang 0.
- **Hakbang 4:** Kalkulahin ang average na buwanang gastos sa payroll (i-add ang Hakbang 2 at Hakbang 3 pagkatapos ay i-divide ang suma na iyon sa bilang ng mga buwan na nag-ooperate mula 2019 hanggang sa wakas ng 2020).
- **Hakbang 5:** I-multiply ang average na buwanang gastos sa payroll mula Hakbang 4 nang 2.5.[24]

Ang nalalapat na income tax return mo (Form 1040 Schedule C, Form 1040 Schedule F, o Form 1065 (kabilang ang mga K-1)) mula 2019 (kung naaangkop) at 2020 ay dapat na ibigay para mapagtibay ang ina-apply na halaga ng Second Draw ng PPP na Pautang. Kung mayroon kang mga empleyado, ang IRS Form 941 at state quarterly wage unemployment insurance tax reporting form mula sa bawat quarter na nag-ooperate ang entidad (o katumbas na mga record ng payroll processor o IRS Wage and Tax Statements), kasama ng dokumento sa anumang pagreretiro o mga kontribusyon sa group health, life, disability, vision, at dental, ay dapat ibigay para mapagtibay ang halaga ng Second Draw ng PPP na Pautangna ina-apply. Dagdag pa rito, dapat magbigay ng payroll statement o katulad na dokumentasyon para sa panahon ng suweldo na sumaklaw sa Pebrero 15, 2020 para mapagtibay na nag-ooperate ka at mayroon kang mga empleyado noong petsang iyon. Kung wala kang empleyado, sa halip ay dapat magbigay ng invoice, bank statement, o book of record na magpapatunay na nag-ooperate ka noong Pebrero 15, 2020.

12. **Tanong:** Kung ginamit ko ang mga ginastos sa payroll mula sa naunang 12 buwan sa pagkalkula ng halaga ng First Draw ng PPP na Pautang ko, maaari ko bang patuloy na gamitin ang mga numerong iyon para kalkulahin ang halaga ng Second Draw ng PPP na Pautang ko?

[24]I-multiply sa 3.5 kung ang negosyo mo ay nasa Accommodation and Food Services sector at nagsisimula sa 72 ang business activity code na inulat a pinakahuli mong income tax return (IRS Form 1040 Schedule C line B para sa self-employed na hindi mga farmer o rancher at Form 1120-S item B para sa mga partnership).

**Sagot:** Hindi, ang mga ginastos sa payroll mula sa tumpak na 12-buwan na panahon bago ang First Draw ng PPP na Pautang ay hindi magagamit para kalkulahin ang halaga ng Second Draw PPP Loan. Ang sinumang humihiram na gumamit ng mga ginastos sa payroll mula sa naunang 12 buwan sa pagkalkula ng halag ang First Draw ng PPP na Pautang ay makakalkula ang halaga para sa Second Draw ng PPP na Pautang gamit ang mga ginastos sa payroll ng calendar year 2019 o calendar year 2020.[25] Ang humihiram na gumamit ng calendar year 2019 para sa halaga ng First Draw ng PPP na Pautang nito ay patuloy na magagawa ito.

13. **Tanong:** Maaari ko bang ilagay ang NAICS code 72 sa aplikasyon ko para sa Second Draw ng PPP na Pautang kung iniwang blangko ang business activity code sa pinakahuling income tax return na nai-file ng negosyo ko?

    **Sagot:** Kung wala ang entry para sa linyang ito sa tax return mo, dapat mong iulat ang industry code na pinaka-angkop sa pangunahing aktibidad ng negosyo mo. Kung ang negosyo mo ay nasa Accommodation and Food Services sector (hal., isang hotel, restaurant, bar), maaari mo lang iulat ang NAICS Code na nagsisimula sa 72 kung mapapagtibay mo ito gamit ang alternatibog dokumento, gaya ng mga permit o lisensya na ibinigay ng mga lokal na pamahalaan na natatangi para sa sector na ito.

14. **Tanong:** Bilang karagdagan sa mga pre-tax na kontribusyon ng empleyado para sa health insurance, anu-ano pa ang ibang pre-tax na kontribusyon ng empleyado para sa mga espesyal na benepisyo ay inalis mula sa IRS Form 941 Taxable Medicare wages & tips na bahagi ng gross pay ng empleyado?

    **Sagot:** Maaaring hindi isinama ang mga kontribusyon ng empleyado at mga inawas mula sa sahod para sa mga flexible spending arrangement (FSA) o iba pang hindi nabubuwisan na benepisyo sa ilalim ng section 125 cafeteria plan, Kwalipikadong benepisyo sa sasakyan o parking (na hanggang $270 isang buwan), at life insurance ng grupo (na hanggang $50,000 ang proteksiyon) mula sa IRS Form 941 Taxable Medicare wages & tips. Gayunpaman, kasama ang mga pre-tax na kontribusyon ng empleyado sa mga retirement plan sa Taxable Medicare wages & tips at hindi dapat idagdag sa halagang iyon para makuha ang gross pay.

15. **Tanong:** Paano ang isang borrower account para sa mga pederal na buwis kapag tinukoy ang mga gastos sa payroll para sa mga layunin ng maximum na halaga ng pautang, pinapayagan na paggamit ng isang pautang sa PPP, at ang halaga ng isang pautang na maaaring mapatawad?

    **Sagot:** Kinakalkula ang mga ginastos sa payroll nang gross na batayan nang walang alang-alang sa mga buwis pederal na ipinataw o hinadlangan, gaya ng bahagi ng empleyado at employer sa Federal Insurance Contributions Act (FICA) at mga income tax na kinakailangan na hadlangan mula sa sahod ng mga empleyado. Bilang resulta, hindi ibababa ng mga ipinataw na buwis sa isang empleyado ang mga gastos sa payroll at kinakailangang hadlangan ng employer. Gayunpaman, hindi kasama sa gastos sa payroll

[25] Ang mga humihiram na hindi self-employed (kabilang ang mga sole proprietorship at mga hiwalay na kontratista) ay pinapayagan din na gamitin ang tumpak na 1-taon na haba ng panahon bago ang petsa kung kailan isinagawa ang Second Draw Loan para kalkulahin ang mga ginastos sa payroll kung pinili nilang hindi gamitin ang 2019 o 2020.

ang bahagi ng employer sa buwis ng payroll. Halimbawa, ang mga sinahod ng isang empleyado na kumita ng $4,000 na gross na sahod kada buwan, kung saan ang $500 na buwis pederal ay hinadlangan, ay ibibilang na $4,000 sa gastos sa payroll. Gayunpaman, ang mga buwis sa pederal na panig ng payroll na ipinataw sa $ 4,000 na sahod ay hindi kasama sa mga gastos sa payroll sa ilalim ng batas.[26]

16. **Tanong:** Mayroon bang limit sa halagang dolyar ng mga Second Draw ng PPP na Pautang na maaaring matanggap ng isang corporate group?

    **Sagot:** Oo, ang mga negosyong bahagi ng parehong corporate group ay hindi makatatanggap ng mga Second Draw ng PPP na Pautang sa kabuuang halaga na hihigit sa $4 million. Para sa mga layunin ng limit na ito, ang mga negosyo ay bahagi ng isang corporate group kung pag-aari ito ng majority, nang direkta o hindi direkta, ng isang common parent.

17. **Tanong:** Self-employed ako at wala akong empleyado. Paano ko kakalkulahin ang maximum na halaga ng Second Draw PPP Loan ko kung gagamitin ko ang gross income?

    **Sagot:** Dapat gamitin ang sumusunod na pamamaraan para kalkulahin ang maximum na halaga na maaaring hiramin kung ikaw ay self-employed at walang empleyado, at ang pangunahing lugar ng pananahan mo ay sa Estados Unidos, kabilang kung ikaw ay isang hiwalay na kontratista o nagpapatakbo ng isang sole proprietorship, (pero hindi kung isa kang partner sa isang partnership; tingnan ang Tanong #4), at ginagamit mo ang gross income:

    - **Hakbang 1:** Hanapin ang halaga ng gross income mo sa 2019 IRS Form 1040 Schedule C line 7.[27] Kung ang halagang ito ay zero o mas mababa, hindi ka kwalipikado sa PPP loan.

    - **Hakbang 2:** Kalkulahin ang average na halaga ng buwanang gross income (i-divide sa 12 ang halaga mula sa Hakbang 1). Kung ang halaga ay lagpas sa $8,333.33, babaan ito sa $8,333.33.

---

[26] Ang kahulugan ng "gastos sa payroll" sa CARES Act, 15 U.S.C. 636(a)(36)(A)(viii), ay hindi kabilang ang "mga buwis na pinataw o hinadlangan sa ilalim ng mga chapter na 21, 22, o 24 ng Internal Revenue Code of 1986 sa loob ng panahong saklaw". Tulad ng inilarawan sa itaas, isinalin ng SBA ang statutory na pagbubukod na nangangahulugang ang mga gastos sa payroll ay kinakalkula sa isang batayang batayan, nang hindi binabawas ang mga pederal na buwis na ipinapataw sa empleyado o hindi pinigil mula sa sahod ng empleyado. Hindi tulad ng mga buwis sa payroll ng employer, ang mga buwis sa panig ng empleyado ay karaniwang ipinahayag bilang pagbawas sa pay-home pay; ang kanilang pagbubukod mula sa kahulugan ng mga gastos sa payroll ay nangangahulugan na ang mga gastos sa payroll ay hindi dapat bawasan batay sa mga buwis na ipinataw sa empleyado o hindi napigilan mula sa sahod ng empleyado. Ang pagpapakahulugan na ito ay naaayon sa teksto ng batas at isulong ang layunin ng pambatasan upang matiyak na ang mga manggagawa ay mananatiling bayad at nagtatrabaho. Dagdag pa, dahil ang panahon ng sanggunian para sa pagtukoy ng maximum na halaga ng utang ng borrower ay higit sa lahat o buong mauna sa panahon kung kailan sasailalim sa mga pagbabawal ang mga humihiram pagdating sa mga pinapahintulutang paggamit ng mga pautang, para sa mga layunin ng pagtukoy sa mga pinapahintulutang paggamit ng mga pautang at halaga ng kapatawaran ng pautang, ang pagbubukod ng batas na ito ay ilalapat patungkol sa mga buwis na ipinataw o hinadlang sa anumang oras, hindi lamang sa naturang panahon.

[27] Kung ang ginagamit mo ay mga halaga na pang-2020 at hindi pa natatapos ang return para sa 2020, punan ito at kalkulahin ang mga halaga.

- **Hakbang 3:** I-multiply sa 2.5 ang average na halaga ng buwanang gross income mula sa Hakbang 2.[28]

Dapat ibigay ang iyong 2019 IRS Form 1040 Schedule C para mapagtibay ang ina-apply na halaga ng Second Draw ng PPP na Pautang. Dapat ka rin magbigay ng 2019 IRS Form 1099-MISC na nagdedetalye sa natanggap na kabayaran bilang hindi isang empleyado (kahon 7), IRS Form 1099-K, invoice, bank statement, o book of record na nagpapatunay na ikaw ay self-employed noong 2019 at isang 2020 na invoice, bank statement, o book of record na nagpapatunay na ikaw ay nagnenegosyo noong Pebrero 15, 2020.

18. **Tanong:** Self-employed ako at mayroon akong mga empleyado. Paano ko kakalkulahin ang maximum na halaga ng Second Draw PPP Loan ko (hanggang $2 milyon) kung ginagamit ko ang gross income? (Tandaan na bahagyang magdedepende ang mga halaga ng pagpapatawad sa PPP loan sa kabuuang halaga na ginastos sa loob ng protektadong haba ng panahon kasunod ng pagpalabas ng PPP loan.)

    **Sagot:** Dapat gamitin ang sumusunod na pamamaraan para kalkulahin ang maximum na halaga na maaaring hiramin kung ikaw ay self-employed na may mga empleyado, kabilang kung ikaw ay isang hiwalay na kontratista o nagpapatakbo ng isang sole proprietorship (pero hindi kung isa kang partner sa isang partnership; basahin ang Tanong #4), at ginagamit mo ang gross income:

    - **Hakbang 1:** Hanapin ang halaga ng gross income mo sa 2019 IRS Form 1040 Schedule C line 7.[29] I-subtract ang 2019 na gastos sa payroll ng empleyado mula sa Form 1040 Schedule C mga line 14, 19, at 26.[30] Kung ang halagang ito ay mas mababa sa zero, i-set ang halagang ito sa zero.
    - **Hakbang 2**: I-divide sa 12 ang halaga ng gross income mula sa Hakbang 1 . Kung ang halaga ay lagpas sa $8,333.33, babaan ito sa $8,333.33.
    - **Hakbang 3**: Kalkulahin ang suma ng:
        - Pang-2019 na mga gross na sahod at tip na ibinayad sa mga empleyado mong ang pangunahing pananahan ay sa Estados Unidos, na aabot sa $100,000 kada empleyado, na maaaring kalkulahin gamit ang:
            - Pang-2019 na IRS Form 941 Taxable Medicare na mga sahod at tip (line 5c-column 1) mula sa bawat quarter,
            - Dagdag ang anumang pre-tax na kontribusyon ng empleyado para sa health insurance o iba pang espesyal na benepisyo na hindi kasama sa Taxable Medicare na mga sahod at tip,

[28] I-multiply sa 3.5 kung ang negosyo mo ay nasa Accommodation and Food Services sector (NAICS Code 72) at nagsisimula sa 72 ang business activity code na inulat a pinakahuli mong IRS Form 1040 Schedule C line B.

[29] Kung ang ginagamit mo ay mga halagang pang-2020 at hindi pa natatapos ang return para sa 2020, punan ang mga hinihinging bahagi at kalkulahin ang mga halaga.

[30] Dapat din ibawas mula sa gross income ang anumang iba pang gastos sa payroll ng empleyado na hindi inulat sa mga linyang iyon pero kasama sa mga kabuuang gastos sa line 28.

        - Ibawas ang (i) anumang mga halaga na ibinayad sa sinumang indibidwal na empleyado na hihigit sa $100,000, at (ii) anumang mga halaga na ibinayad sa sinumang empleyado na ang pangunahing pananahan ay sa labas ng Estados Unidos;
    - Pang-2019 na mga kontribusyon ng employer para sa health, life, disability, vision, at dental insurance ng grupo ng mga empleyado (Maiuugnay ang bahagi ng IRS Form 1040 Schedule C line 14 sa mga kontribusyon na iyon);
    - Kontribusyon ng employer noong 2019 sa mga retirement plan ng empleyado (IRS Form 1040 Schedule C line 19); at
    - Mga lokal at pang-estadong buwis ng employer noong 2019 na tinasa sa kita ng empleyado, pangunahin ay ang state unemployment insurance tax (mula sa quarterly wage reporting forms ng estado).
- **Hakbang 4:** Kalkulahin ang average na buwanang gastos sa payroll para sa mga empleyado (i-divide sa 12 ang halaga mula sa Hakbang 3).
- **Hakbang 5:** Isuma ang mga halaga mula sa Hakbang 2 at Hakbang 4 at i-multiply ito sa 2.5.[31]

Ang pang-2019 na IRS Form 1040 Schedule C, IRS Form 941 at state quarterly wage unemployment insurance tax reporting form mula sa bawat quarter (o katumbas na mga record ng payroll processor o IRS Wage and Tax Statements), kasama ng anumang dokumento sa pagreretiro o mga kontribusyon sa group health, life, disability, vision, at dental, ay dapat ibigay para mapagtibay ang halaga ng Second Draw ng PPP na Pautang na ina-apply. Dapat magbigay ng payroll statement o katulad na dokumentasyon para sa panahon ng suweldo na sumaklaw sa Pebrero 15, 2020 upang mapatunayan na nagnenegosyo ka at mayroon kang mga empleyado noong petsang iyon.

19. **Tanong**: Kung iulat ko ang kinita ng farm o ranch bilang isang LLC, kwalipikadong joint venture, o partnership, maaari ko bang gamitin ang gross income para matukoy ang halaga ng loan?

    **Sagot:** Tanging mga self-employed na farmer at rancher na nag-file ng IRS Form 1040 Schedule F kasama ng kanilang Form 1040 at nag-ulat ng Schedule F na kinita ng farm sa IRS Form 1040 Schedule 1 ang makagagamit ng gross income para matukoy ang halaga ng loan. Maaaring gamitin ng mga single member LLC at mga kwalipikadong joint venture, gaya ng inilarawan ng IRS,[32] na nag-file ng Schedule F kasama ng kanilang Form 1040 ang makagagamit ng gross income para matukoy ang halaga ng kanilang loan. Isa lang sa mag-asawa sa isang kwalipikadong joint venture ang maaaring magsumite ng aplikasyon para sa PPP loan para sa kwalipikadong joint venture.

---

[31] I-multiply sa 3.5 kung ang negosyo mo ay nasa Accommodation and Food Services sector at nagsisimula sa 72 ang business activity code na inulat a pinakahuli mong IRS Form 1040 Schedule C line B.

[32] Kung ang Aplikante ay isang kwalipikadong joint venture para sa mga layunin sa pederal na income tax (1) ang tanging mga miyembro ng joint venture ay kasal na mag-asawa na nag-file ng joint return at Schedule C of F ang bawat isa kasama ng kanilang Form 1040 (2) kapwa mag-asawa ay kalahok sa kalakal o negosyo, at (3) pinili ng mag-asawa na hindi tratuhin bilang isang partnership.

Dapat kalkulahin ng mga partnership at mga kasosyo ang mga halaga ng loan gaya ng iniatas sa Tanong 4 sa itaas.

20. **Tanong**: Isa akong self-employed na indibidwal na karapat-dapat na gumamit ng gross income mula sa kapwa Schedule C at Schedule F para kalkulahin ang halaga ng loan, paano ko kakalkulahin ang halaga?

    **Sagot**: Kalkulahin ang maximum na halaga ng loan mo sa pamamagitan ng pagsunod sa kaugnay na gabay para sa pagkalkula ng maximum na halaga ng loan para sa mga self-employed na indibidwal (maging mayroon o walang empleyado) gamit ang gross income mula sa Schedule C at hiwalay para sa paggamit ng gross income mula sa Schedule F. Isuma ang dalawang halaga para makalkula ang maximum na halaga ng loan mo. Sa angkop na Kahon A sa SBA Form 2483-SD-C, isama ang mga halagang mula sa kapwa Schedule C at Schedule F.